

Ang Bantay Ng Ilog Bocboc

Sa Pangasinan, may maliit na ilog na pwedeng tawirin. Kung minsan habang tumatawid, makakakita ng mga isda na talagang nakakaaliw at nakakawala ng pagod. Kung minsan, makikipaghabulan ka sa mga isdang ito. Naniniwala ang marami na biyaya ito ng Bantay ng Ilog sa mababait na tao. Halos mapuno ng sari-saring isda ang sisidlan ng mga nangingisda dito.


Isang araw, tatlong mangingingisda mula sa tatlong barangay ang lumusong sa ilog, pero kakaunti at maliliit na isda lamang ang nakuha nila. Naghintay sila nang matagal pero ni isang malaking isda ay wala silang nahuli. Naghintay sila ng ilang oras pa. Nakakita na sila ng isang napakalaking isda. Nag-unahan sila sa paghuli dito. Nagtulakan at naghiyawan.

“Ako ang makakahuli ng isdang iyan!” sabi ni Banong.

“Mabagal kang kumilos, Banong. Ako ang makakahuli niyan!” sagot ni Bonong.

“Hindi ninyo iyan mahuhuli. Ako ang mag-uuwi niyan sa bahay!” hinihinal na sagot ni Binong.

Pero kahit na anong lakas at liksi nilang tumakbo, di



pa rin nila mahuli ang napakalaking isda. Nag-away-away sila at nagsisihan. Nasaksihan ito ng Bantay ng Ilog Bocboc. Nagpakita ito sa kanila at pinagsabihan na huminto sa kanilang bangayan. Pero di pa rin sila huminto. Mula noon, wala nang mahuli sa ilog na dating puno ng isda.

Makalipas ang ilang linggo, bumalik sina Banong, Bonong at Binong. Nagdala sila ng alay sa Bantay ng Ilog at humingi ng tawad dito.

“Mahal na Bantay ng Ilog, humihingi po kami ng paumanhin sa nagawa naming pagkakamali. Simula po ngayon, makukuntento na po kami sa mga biyaya ninyo sa amin,” sambit ng tatlo.

Pagkaraan ng ilang oras, nagluluksuhan na muli ang mga isda sa ilog. Natuwa at nagpasalamat ang tatlo.

Paglipas ng ilang panahon, lumuwang ang maliit na ilog. Mas lalong dumami ang isdang nahuhuli dito. Kaya lalo pang naniwala ang mga tao na ang ilog na ito ay inaalagaan ng Bantay.

